# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG DISYEMBRE 09, 2024, LUNES, IKA-09:45 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
RELEASED
NAME
DATE 01.13.25
TIME
STA. CRUZ, LAGUNA

RECEIVED
09 JAN 2025

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |

**KAPASIYAHAN BLG. 492-T2024**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 140-T2024 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 06-T2024 NG SANGGUNIANG BARANGAY NA NAGKAKAHALAGA NG APATNARAAN LABING SIYAM NA LIBO SIYAMNARAAN APATNAPU'T PITONG PISO AT WALUMPU'T LIMANG SENTIMOS (P419,947.85) MULA SA LIMANG BAHAGDAN (5%) PONDO SA KALAMIDAD NANG TAONG 2025 PARA SA BARANGAY DISASTER RISK REDUCTION MANAGEMENT (BDRRM) PLAN NG BARANGAY SANTO ANGEL NORTE.**

**SAPAGKAT,** ang Kapasiyahan Blg. 140-T2024 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 06-T2024 ng Barangay Santo Angel Norte ay iniliwat sa sangguniang ito, na nagpapatibay ng halagang P419,947.85 mula sa Limang Bahagdang (5%) Pondong Kalamidad nang taong 2025 para sa BDRRM Plan, na ang 70% nito ay inilaan sa Disaster Preparedness (P293,963.50) at ang 30% naman ay para sa Quick Response (P125,984.35) ng Barangay Santo Angel Norte, ayon sa pagsunod sa Philippine Disaster Risk Reduction Management Act of 2010 o RA 10121;

**SAPAGKAT**, ito ay tinalakay ng mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT**, matapos ang pagtalakay at malaman ang kahalagahan ng paglalaan ng pondo para sa paghahanda at biglaang pangangailangan ng barangay ay iminungkahi ng Tagapamuno ng kaukulang lupon ang pagpapatibay sa nasabing kapasiyahan ng barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Norman T. Tolentino, Kgg. Lea A. Almarvez, Kgg. Lucena R. Odejar, Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Alan T. Pamatmat, Kgg. Esmeraldo C. De Las Armas, at Kgg. Laura P. Obligacion at sa buong pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 140-T2024 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 06-T2024 ng Sangguniang Barangay na nagkakahalaga ng P419,947.85 mula sa Limang Bahagdan (5%) Pondo sa Kalamidad nang taong 2025 para sa Barangay Disaster Risk Reduction Management (BDRRM) Plan ng Barangay Santo Angel Norte.

**INIUUTOS** : Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay Santo Angel Norte, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Disyembre 09, 2024**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: **KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

1/7/25

LAM/CEL 24

10025 043